

DOCUMENTARY REQUIREMENTS

Para sa mga Tradisyunal na Jeepney Drivers (TPUJ):

1. **Photocopy ng VALID (Hindi expired) ng inyong driver's license na may tatlong (3) pirma.** *Ang photocopy ng driver's license ay dapat malinaw at nababasa. (Tandaan: ang valid lamang na temporary driver's license ay tinatanggap kung ang opisina ng LTO na nag isyu ng inyong lisensya ay mayroong kakulangan sa plastic card).*
2. **Detalye ng inyong Payment Account.** *Ang account ng drayber ay kailangan nakapangalan sakaniya. Hindi tatanggapin ang account na nakapangalan sa inyong asawa, anak, at iba pa. Isulat ang detalye ng inyong Payment Account sa photocopy ng inyong driver's license. (Gcash o kahit anong bank account na nakapangalan sa drayber na sasali sa programa).*
3. **Certification na pirmado ng operator na nagpapatunay na siya ang awtorisadong drayber ng idineklarang unit.** *Ang LTFRB ang dapat na magbigay ng nabanggit na Certification Form. Ang form na ito ay pupunan ng operator ng mga sumusunod na impormasyon:*
 - A) Kumpletong pangalan ng awtorisadong drayber. Kailangan ito ay pareho ng pangalan na nasa lisensya ng drayber;
 - B) PUV Plate number ng unit. Kailangan ito ay pareho sa plate number na nasa OR/CR;
 - C) Kumpletong pangalan ng operator. Kailangan ito ay pareho ng pangalan na nasa valid ID ng operator na pinasa at kailangan ito ang parehong operator na matatagpuan sa Database ng LTFRB;
 - D) Case Number at Ruta na binabiyahe ng unit na nakasaad sa Database ng LTFRB.

Additional Requirements: Sa mga kaso kung saan ang Case Number, pangalan ng operator, o ang Ruta na binabiyahe sa Database ng LTFRB, mangyaring sumangguni sa mga sumusunod:

- A) **Kung ang Case Number ay hindi pareho sa Database ng LTFRB:** Magpasa ng photocopy ng Certificate of Public Convenience (CPC) Decision. Kailangan malinaw na mapakita na ito ay tugma sa impormasyon na nakasaad sa Certification Form.
- B) **Kung ang pangalan ng Operator ay hindi pareho:**
 - **Kung ang unit ay binenta:** Magpsa ng photocopy na notarized Deed of Sale (DOS) na nakasaad ang pangalan ng pangalawang may-ari ng unit. (Tandaan: Ang DOS na may petsa na lampas ng Agosto 2016 ay hindi na tatanggapin).
 - **Kung patay na ang operator:** Magpasa ng photocopy ng *Extra Judicial Settlement of Estate with Waiver of Rights Given to Heirs*.
 - **Kung ang operator ay nagpakasal:** Magpasa ng photocopy ng marriage contract na nagsasaad ng apelyido ng kaniyang asawa.
 - **Kung mayroong taong pinahintulutan na pumirma bilang operator:** Magpasa ng photocopy ng Certificate of Authority/Secretary Certificate/Board Resolution na nagsasaad na siya ay awtorisadong pumirma bilang operator ng cooperative/corporation.

4. **Photocopy ng VALID ng ID ng inyong Operator na may tatlong (3) pirma.** *Ang photocopy ng valid ID ng operator ay dapat malinaw at nababasa.*

5. **Photocopy ng CPC Decision.** *Dapat ito ay nagsasaad na ang prangkisa ay ipinagkaloob sa parehong operator na pumirma ng Certification.*

6. **Photocopy ng OR/CR ng unit.**

Para sa mga Modernized na Jeep (MPUJ) at Bus (PUB):

1. **Driver's data sheet.** Kumpleto at tamang listahan ng mga pangalan at payment details at account ng awtorisadong drayber (*Gcash o kahit anong bank account na nakapangalan sa drayber na sasali sa programa*). Ang LTFRB ang magbibigay ng template para sa data sheet.
2. **Corporation/ Cooperative Certification para sa mga awtorisadong drayber.** Ang LTFRB ang dapat na magbigay ng nabanggit na Certification Form.
3. **Photocopy ng VALID (Hindi expired) ng lahat ng driver's license sa inyong cooperation/corporation na may tatlong (3) pirma ng drayber.** Ang photocopy ng driver's license ay dapat malinaw at nababasa. (Tandaan: ang valid lamang na temporary driver's license ay tinatanggap kung ang opisina ng LTO na nag isyu ng inyong lisensya ay mayroong kakulangan sa plastic card).
4. **Corporation/ Cooperative' Proof of Authority to Sign.** Kailangan nakasaad na siya ay pinahihintulutan na pumirma ng Certification para sa auditing. (Katulad ng: Secretary Certification, Board Resolution).